CITY OF DALY CITY

Department of Public Works

ABISO NG PAGPAPATIBAY NG KARSADA

Magkakaroon po ng paga-ayos o pagpa-patibay ng mga napiling kalye/karsada sa inyong communidad sa **July** hanggang **August 2015**. Malapit ng simulan ng contratista, American Asphalt Repair and Resurfacing Co., Inc., ang "***slurry seal***" na magpapatibay ng kalye sa inyong lugar.

Ang ***Slurry Seal*** ay paghahanay ng manipis na aspalto sa ibabaw ng karsada. Sa likod ng pahinang ito ay ang *"map"* ng kalye na napiling ayusin. Ang detalye ng gagawing paga-ayos ay matatagpuan sa Daly City's website **www.dalycity.org**. Ano mang katanungan, tawagan lang po si Shirley Chan sa (650) 991-8064.

Magkakaroon ng pansamantalang abiso "NO PARKING" 48 oras bago simulan ang paggawa. **Alisin o huwag magparada ng inyong sasakyan sa ipinagbabawal na araw at lugar simula 7:00 ng umaga. Kayo ang gagastos kung mahila ang inyong sasakyan dahil sa hindi pagsunod sa abiso.** Sa araw ng paggawa ng karsada ay walang "*street sweeping*"sa kalapit na daan para magkaroon ng paparadahan ang mga sasakyan na naapektuhan ng paggawa ng karsada. Ang paglakad o pagdaan ng sasakyan sa ipinagbabawal na lugar, ay makasisira ng sapatos, karsada, at gulong ng sasakyan.

DETALYE NG GAGAWING PAGPAPATIBAY:

1. ***BASE REPAIRS*** – Magkakaroon ng paghukay at pagsasa-ayos ng maliliit na nasirang lugar ng karsada. Pangkaraniwan ay puwedeng dumaan sa karsada.
2. ***CRACK SEALING*** – Maglilinis at magpapasta ng bitak ng karsada. Puwedeng dumaan sa karsada.
3. ***SLURRY SEAL*** – Para maging maayos ang paghahanay ng ***slurry seal.*** Sarado ang karsada sa trapiko mula 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon. Hindi puwedeng dumaan ang sasakyan, kahit na ang pag-alis o pagbalik sa inyong ***driveway.*** **Alisin o huwag magparada ng inyong sasakyan sa ipinagbabawal na araw at lugar simula 7:00 ng umaga**.

Kung kayo ay may katanugan o kahilingan ay makipag-unawaan o tumawag agad kay Shirley Chan, Traffic Engineer (650) 991-8064.

SALAMAT PO SA INYONG PAKIKIISA SA KABUTIHAN NG ATING COMMUNIDAD!

Matatagpuan rin po ang impormasion sa English at Spanish sa website **www.dalycity.org**

City of Daly City
Department of Public Works

333 90th Street
Daly City, CA 94015

Phone: 650-991-8064
Fax: 650-991-8243
www.dalycity.org